



PAGKUWENTA NG MGA BENEPISYO SA KAWALAN NG SUWELDO

Paano kinukuwenta ng WCB ang aking kawalan ng kinita?

Ang kalkulasyon ng iyong mga benepisyo sa kawalan ng suweldo ay makukumpleto sa tatlong hakbang:

Hakbang 1:

Ang iyong lingguhang mga kabuuang kita bago ang petsa ng iyong pinsala ay pinapalitan para maging lingguhang netong halaga ng mga kita sa pamamagitan ng paglalapat ng maaaring mga kabawasan sa mga kita. Ang mga maaaring kabawasan ay puwedeng kabilang ang:

- buwis sa kita, na kinakula gamit ang iyong kita sa trabaho at mga benepisyo sa Seguro ng Trabaho (Employment Insurance o EI), iyong basic na mga kredito sa personal na buwis o mga eksempsyon, at kung saan naaangkop, mga kredito sa buwis o mga eksempsyon para sa isang umaasang tao sa ilalim ng *Income Tax Act* mula sa petsa ng pinsala
- kung ikaw ay nararapat na maghahalap sa mga kabawasan ng buwis para sa mga gastusin sa pangangalaga ng bata, mga pagbabayad sa sustento ng bata at/o mga pagbabayad sa suporta ng asawa, ang mga ito ay gagamitin sa kalkulasyon ng iyong maaaring buwis sa kita; itong impormasyon ay importante para sa kalkulasyon ng iyong mga benepisyo at dapat sumang-ayon sa impormasyon na iyong iuulat sa Canada Revenue Agency (CRA)
- mga kontribusyon sa Canada Pension Plan (CPP)
- mga premium sa Employment Insurance (EI)
- anumang iba pang mga kabawasan na itinatag bilang regulasyon ng WCB.

ABISO: Itong mga basic na kabawasan ay ginagamit lamang upang maitatag ang iyong netong kita. Walang pagbabayad ang aktwal na ginawa sa iyong ngalan para sa buwis sa kita, mga kontribusyon sa CPP o mga premium sa EI.

Hakbang 2:

Ang iyong lingguhang halaga ng mga netong kita pagkatapos ay ginagamit upang matukoy ang iyong mga lingguhang benepisyo sa kawalan ng suweldo.

Ang mga benepisyo sa kabayaran ng manggagawa sa kawalan ng suweldo ay batay sa mas malaki ng isa sa mga sumusunod na mga kalkulasyon:

- 90% ng iyong netong pagkawala ng mga kita, o
- 100% ng iyong netong pagkawala ng mga kita kung ang mga aktwal na kinita bago ang pinsala ay mas mababa kaysa sa o katumbas ng



pinakamababang taunang mga kita na itinatag ng WCB na may bisa sa petsa ng iyong pinsala, o

- 100% ng pinakamababang taunang mga kita na itinatag ng WCB na may bisa sa petsa ng iyong pinsala kung ang iyong mga aktwal na kinita ay mas malaki kaysa sa pinakamababang taunang mga kita, pero ang pinakamababang taunang mga kita ay nagbibigay sa iyo ng isang mas mataas na benepisyo.

Ang pinakamababang taunang mga kita na may bisa mula Oktubre 1, 2018 ay \$23,608 at ang halagang ito ay nananatiling pareho rin sa Enero 1, 2019.

Walang pinakamataas na limitasyon sa mga kita na maaaring isiguro para sa mga regular na manggagawa.

Hakbang 3:

Ang maaaring mga diskuwento sa buwis sa kita pagkatapos ay inilalapat sa lingguhang halaga sa kawalan ng suweldo upang matamo ang iyong aktwal na lingguhang rate ng benepisyo.

Kapag kinukuwenta ang iyong kawalan ng kakayahang kumita, isinasaalang-alang din ng WCB ang tagal ng panahong ikaw ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng suweldo sa taon at kung gaano kababa ang iyong buwis sa kita, mga kontribusyon sa CPP o mga premium sa EI bilang resulta.

Ang dahilan na ito ay isinasaalang-alang ay dahil ang mga buwis ng isang indibidwal ay batay sa mga rates na progresibo. Kung ang iyong taunang kita ay isang kombinasyon ng nabubuwisang kita sa trabaho at hindi nabubuwisang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo, ang nabubuwisang kita sa trabaho ay sasailalim sa mas mababang halaga ng buwis kaysa kung ang buong taon ay binubuo ng nabubuwisang kita. Ang iyong kawalan ng kakayahang kumita ay muling kinukuwenta batay sa mga nasabing isinasaalang-alang na iyon. Isinasaalang-alang namin ang mga pag-aayos na ito sa buwis kapag kinukuwenta ang iyong kawalan ng kakayahang kumita. Ito ay tinatawag na pag-aayos para sa sheltering.

Ang sheltering ay nagreresulta sa isang pagbawas sa iyong kawalan ng kakayahang kumita. Dahil dito, ang iyong lingguhang benepisyo sa kawalan ng suweldo ay nabawasan din. Ito ay isang mas malapit na repleksyon ng iyong taunang kawalan ng kakayahang kumita.

Paano mo nakukuwenta ang mga halaga ng malamang na buwis sa kita?

Ang mga sumusunod na tax credit at mga ibabawas na halaga ay ginagamit sa aming mga pagkuwenta:



- basic na personal na halaga
- halaga para sa asawa o common-law na kinakasama (kung hindi nagtatrabaho)
- halaga para sa karapat-dapat na umaasa (kung ikaw ay single na may (mga) umaasa)
- halaga para sa mga umaasa na may sakit na edad 18 o mas matanda.

Ang mga sumusunod na ibabawas na halaga sa buwis ay ginagamit din sa aming mga pagkuwenta kung ikaw ay personal na karapat-dapat na maghain ng claim sa mga ito sa iyong income tax return para sa kasalukuyang taon:

- mga gastusin sa pag-aalaga ng bata
- mga bayad sa sustento sa bata
- mga bayad sa sustento sa asawa.

Mangyaring tandaan ang mga sumusunod:

Ang code na iyong gagamitin sa iyong TD1 na form ay hindi magagamit bilang batayan sa pag-uulat ng mga tax credit.

Ang mga tax credit at/o ibabawas na halaga sa buwis sa petsa nang mapinsala ay mananatiling nakatakda sa loob ng unang dalawang taon, kahit na magbago ang iyong katayuan sa panahong iyon.

Ang isang pagbubukod ay kung ang iyong impormasyon ay hindi makukuha sa panahon nang tanggapin ang iyong paghahabol. Ibabatay ang pagkuwenta para sa iyo sa single na walang umaasa hanggang matanggap ang impormasyon. Aayusin sa panahong iyon ang mga bayad, umiiral mula sa petsa ng pinsala. Itinitiyak nito na ang kakulangan sa impormasyon ay hindi mag-aantala sa mga pagbabayad sa isang paghahabol.

Kung hindi mo nais na magbigay ng impormasyon sa pagbubuwis, ikaw ay mauuri bilang single at walang pag-aayos na gagawin sa loob ng dalawang taon na panahon.

Ang mga pagbabayad na suporta ay hindi kuwalipikado sa pagpapasya para sa mga umaasa. Gayunman, ang mga bayad na ito ay gagamitin upang bawasan ang halaga ng kinita na sasailalim sa pagkuwenta ng buwis sa kita.

Mayroon bang mga hindi isasama sa pamamaraang gagamitin upang kuwentahin ang kawalan ng kakayahan na kumita?

Oo. Ang mga 'baguhang manggagawa', mga 'bata na manggagawa' at 'naideklarang mga manggagawa' ay hindi kasama. Sa ilang mga kaso, ang *Workers*



Compensation Act ay nagpapahintulot sa atin na matanaw ang hinaharap upang makapagtatag ng average na mga kinita batay sa iyong malamang na kawalan ng kakayahang kumita. Ang pamamaraang ito ay magagamit lamang sa mga di pangkaraniwang pagkakataong nakita sa mga baguhan at batang manggagawa (iyong may edad na mas bata sa 28 taong gulang na may pangmatagalang kawalan ng kakayahang kumita).

Ang mga naideklarang manggagawa ay mga tao o uri ng mga tao na naideklara bilang mga manggagawa na kinuha ng gobyerno at saklaw sa ilalim ng *The Workers Compensation Act*. Ang mga benepisyo sa kasong ito ay ibabatay sa hindi kukulangin sa kalahati ng Industrial Average na Kita sa panahon nang maganap ang pinsala.

Abiso: Lahat ng mga seksyon na may kaugnayan sa mga pagkukuwenta ng mga benepisyo ay nag-aaplay sa mga pinsala sa lugar ng trabaho at may kaugnayang pabalik-balik na mga pinsala na naganap noong o makaraan ng Enero 1, 2006. Lahat ng mga pinsalang naganap bago ang 2006 at may kaugnayang pabalik-balik na mga pinsala ay patuloy na babayaran ayon sa batas, mga patakaran at pamamaraan na mas naunang nangyari sa Bill 25 – ang *The Workers Compensation Amendment Act*, na ipinasa noong 2005.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuwenta ng mga benepisyo, mangyaring tawagan ang iyong tagapasya o tagapangasiwa ng kaso

HALIMBAWANG PAGKUWENTA NG BENEPISYO

Mga Pagkuwenta sa Benepisyo ng Single, walang Umaasa				
Kabuuang Lingguhang Suweldo	Kabuuang Taunang Suweldo	100% ng Netong Aktuwal (Lingguhan)	90% ng Netong Sheltered (Lingguhan)	100% ng Netong Sheltered (Lingguhan)
\$ 150.00	\$ 7,800.00	\$ 143.42	n/a	\$ 142.59
\$ 200.00	\$ 10,400.00	\$ 190.11	n/a	\$ 189.28
\$ 440.00	\$ 22,880.00	\$ 360.93	n/a	\$ 345.85
\$ 600.00	\$ 31,200.00	\$ 471.79	\$ 412.00	
\$ 900.00	\$ 46,800.00	\$ 673.86	\$ 591.03	
\$ 1,200.00	\$ 62,400.00	\$ 866.52	\$ 758.30	

* batay sa pinakamababang taunang mga kinita



Kasal, Asawa ay Hindi Nagtatrabaho, Dalawang Umaasa				
Kabuuang Lingguhang Suweldo	Kabuuang Taunang Suweldo	100% ng Netong Aktuwal (Lingguhan)	90% ng Netong Sheltered (Lingguhan)	100% ng Netong Sheltered (Lingguhan)
\$ 150.00	\$ 7,800.00	\$ 143.42	n/a	\$ 142.59
\$ 200.00	\$ 10,400.00	\$ 190.11	n/a	\$ 189.28
\$ 440.00	\$ 22,880.00	\$ 414.25	n/a	\$ 413.42
\$ 600.00	\$ 31,200.00	\$ 539.01	\$ 467.71	n/a
\$ 900.00	\$ 46,800.00	\$ 738.16	\$ 632.47	n/a
\$ 1,200.00	\$ 62,400.00	\$ 927.90	\$ 797.10	n/a

* batay sa pinakamababang taunang mga kinita

Lubos na mahalaga na inyong iulat ang wastong impormasyon para sa buwis sa Workers Compensation Board dahil sa makabuluhang diperensyang nagagawa nito sa pagkuwenta ng benepisyo.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.